Mensahe Labing-isa

# Mga Pastol ayon sa Puso ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Jer. 2:8; 3:15; 10;21; 23:1-4; Isa. 40;11; Ezek. 34:11-31; Juan 10:11; Heb. 13:20-21; 1 Ped. 2:25; 5:2, 4; Apoc. 7:16-17

**I. Si Jehovah ay nagsalita sa pamamagitan ng propetang si Jeremias hinggil sa mga pastol, ang mga pinuno—Jer. 2:8; 10:21**

A. Ang mga pastol, ang mga pinuno, ay sumalangsang laban kay Jehovah; hindi nila hinanap si Jehovah, at ang kanilang kawan ay nagpangalat—2:8; 10:21.

B. Winasak at ikinalat ng mga pastol ang mga tupa ng pastulan ni Jehovah—23:1-2.

C. Ipinangako ni Jehovah na titipunin Niya ang mga nalabi sa Kanyang kawan at ibabalik sila sa kanilang pastulan at na magbabangon Siya ng mga pastol sa kanila na magpapastol sa kanila, at sila'y magiging mabunga at darami—bb. 3-4.

D. Ipinangako ni Jehovah na bibigyan ng mga pastol ang Israel ayon sa Kanyang sariling napupusuan; ang gayong mga pastol ay magbibigay sa bayan ng Diyos ng wastong pagkakilala at pagkaunawa sa Diyos—3:15.

**II. Kapwa inihahayag ng Lumang Tipan at ng Bagong Tipan si Kristo bilang Pastol ayon sa puso ng Diyos—Isa. 40:11; Ezek. 34:11-31; Juan 10:11; Heb. 13:20-21; 1 Ped. 2:25; 5:4; Apoc. 7:16-17:**

A. Bilang ang makapangyarihang Isa, ang namumuno at naghahatol na Isa, si Kristo ay dumating upang maging isang Pastol; pinangangalagaan Niya ang Kanyang kawan sa pamamagitan ng pamumuno at pagwawasto sa Kanyang mga tupa at sa pamamagitan ng pagpapakain ng Kanyang kawan, tinitipon ang mga kordero sa Kanyang bisig, dinadala sila sa Kanyang sinapupunan, at pinapatnubayan ang mga nagpapasuso sa mga bata—Isa. 40:10-11; Mat. 2:6; 9:36.

B. Prinopesiya sa Ezekiel 34:11-31 na ang Panginoon Mismo ay darating bilang ang Pastol upang siyasatin ang Kanyang mga tupa at hanapin sila:

1. Bilang ang Pastol, titipunin ng Panginoon ang Kanyang bayan, ang Kanyang mga tupa, mula sa mga bansa at ibabalik sila sa lupain ng Canaan, na sumasagisag sa nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ang inilaang bahagi ng bayan ng Diyos, upang manahan sa mga bundok, sumasagisag sa nabuhay na muli at umakyat sa langit na Kristo—bb. 11, 14.

2. Kapag dumarating si Kristo bilang ang Pastol upang pangalagaan tayo, Siya ay dumarating din bilang ang Hari upang pamahalaan tayo; ang bunga ng pangangalaga ng Panginoon para sa atin bilang ating Pastol ay yaong tayo ay susunod sa Kanya bilang ating Hari at magpapailalim sa Kanyang pagkahari at sa Kanyang trono sa loob natin—bb. 23-24.

C. Si Kristo ang mabuting Pastol, ang dakilang Pastol, ang Pangulong Pastol, at ang Pastol ng ating mga kaluluwa—Juan 10:9-17; Heb. 13:20-21; 1 Ped. 5;4; 2:25:

1. Bilang ang mabuting Pastol, ang Panginoong Hesus ay dumating upang tayo ay magkaroon ng buhay at magkaroon nito nang may kasaganaan—Juan 10:10-11:

a. Kanyang ibinigay ang Kanyang pangkaluluwang-buhay, ang Kanyang pantaong buhay, upang isakatuparan ang katubusan para sa Kanyang mga tupa upang

makabahagi sila sa Kanyang buhay na *zoe*, ang Kanyang dibinong buhay—bb. 11, 15, 17.

   b. Kanyang pinapatnubayan ang Kanyang mga tupa palabas sa kulungan patungo sa Kanyang sarili bilang ang pastulan, ang lugar ng kainan, kung saan sila ay malayang makakakain sa Kanya at mapapakain Niya—b. 9.
   c. Binuo ng Panginoon ang mga mananampalatayang Hudyo at Hentil tungo sa isang kawan (ang ekklesia, ang Katawan ni Kristo) sa ilalim ng Kanyang pagpapastol—b. 16.

2. Ibinangon ng Diyos mula sa mga patay ang "ating Panginoong Hesus, ang dakilang Pastol ng mga tupa, sa dugo ng isang walang hanggang kasunduan"—Heb. 13:20:
   a. Ang walang hanggang kasunduan ay ang kasunduan ng bagong tipan upang makatamo ng isang kawan, na siyang ang ekklesia na magreresulta sa Katawan ni Kristo at mapasusukdol sa Bagong Herusalem.
   b. Bilang ang dakilang Pastol, ginagawang totoo ng Panginoon ang mga nilalaman ng bagong kasunduan at pinapatnubayan tayo tungo sa pagdaranas at pagtatamasa ng lahat ng positibong bagay na inihayag sa aklat ng Hebreo—8:8-13; 1:1-3; 2:9-18; 5:6-10, 14; 7:16, 22, 24-26; 13:1, 8, 12-15.
3. Bilang ang Pangulong Pastol, pinapastol ni Kristo ang Kanyang kawan sa pamamagitan ng mga matanda ng mga ekklesia—1 Ped. 5:4:
   a. Kung wala ang pagpapastol ng mga matanda, ang ekklesia ay hindi maitatayo—b. 2.
   b. Ang pagpapastol ng mga matatanda ay dapat ang pagpapastol ni Kristo sa pamamagitan nila.
4. Bilang ang Pastol ng ating mga kaluluwa, ang malahanging Kristo ang nangangasiwa sa ating panloob na kondisyon, nangangalaga para sa sitwasyon ng ating panloob na katauhan—2:25:
   a. Pinapastol Niya tayo sa pamamagitan ng pangangalaga para sa kapakanan ng ating kaluluwa at sa pamamagitan ng Kanyang pangangasiwa sa kondisyon ng ating panloob na katauhan.
   b. Dahil ang ating kaluluwa ay napakakumplikado, kailangan natin si Kristo, na siyang ang Espiritung nagbibigay-buhay sa ating espiritu, upang pastulin tayo sa ating kaluluwa, upang pangalagaan ang ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya at ang ating mga suliranin, mga pangangailangan at mga sugat.
   c. Bilang ang Pastol ng ating mga kaluluwa, pinapanauli ng Panginoon ang ating kaluluwa at binibigyan ng kapahingahan ang ating kaluluwa—Awit 23:3a; Mat. 11:28-30.
5. Sa walang-hanggang hinaharap si Kristo ay magiging ang ating walang hanggang Pastol na magpapatnubay sa atin sa mga bukal ng mga tubig ng buhay—Apoc. 7:16-17:
   a. Bilang ang ating walang hanggang Pastol, dadalhin tayo ni Kristo tungo sa Kanyang sarili bilang ang mga bukal ng tubig ng buhay upang matamasa natin ang walang hanggang pamamahagi ng Tres-unong Diyos—b. 17a.
   b. Ang mga tubig ng buhay ay maitutustos, at ang mga luha ay papahirin—b. 17b.
   c. Sa ilalim ng pagpapastol ni Kristo sa kawalang-hanggan, wala nang mga pagluha, walang pagkagutom, at walang pagkauhaw—tanging pagtatamasa—bb. 16-17.

III. **Sa Kanyang makalangit na ministeryo ipinagpapatuloy ng Panginoong Hesus ang pagpapastol na Kanyang sinimulan sa Kanyang makalupang ministeryo—Heb. 13:20-21:**

A. Sa Juan 21:15-17 inatasan ng Panginoon si Pedro na pakainin ang Kanyang mga kordero at pastulin ang Kanyang mga tupa sa Kanyang pagkawala, habang Siya ay nasa mga kalangitan; ito ay upang ilakip ang apostolikong ministeryo sa makalangit na ministeryo ni Kristo upang pastulin ang kawan ng Diyos:

1. Anuman ang Kanyang ginagawa sa mga kalangitan, ito ay ginagawa ng mga apostol sa lupa upang isagawa ang Kanyang makalangit na ministeryo—Heb. 13:20-21; Juan 21:15-17.
2. Hinggil sa pagpapastol, ang apostolikong ministeryo ay nakikipagkoopera sa makalangit na ministeryo ni Kristo—bb. 15-17.

B. Si apostol Pablo ay isang huwaran ng pagpapastol sa mga banal sa pakikipagkoopera sa pagpapastol ni Kristo sa Kanyang makalangit na ministeryo—Heb. 13:20-21; 7:25-26; 1 Tim. 1:16; 2 Cor. 1:3-4; Gawa 20:20:

1. Pinastol ni Pablo ang mga banal bilang isang sisiwang ina at isang naghihikayat na ama—1 Tes. 2:7-8; 11-12.
2. Pinastol ni Pablo ang mga banal sa Efeso sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng "hayag...at sa mga bahay-bahay" (Gawa 20:20) at sa pamamagitan ng pagpapaalala sa bawat banal na may pagluha na tumagal ng tatlong taon (bb. 31, 19), ipinapahayag sa kanila ang buong kapasiyahan ng Diyos (b. 27).
3. Si Pablo ay napalawak sa kanyang puso upang magkaroon ng matalik na malasakit ng nagmiministeryong buhay—2 Cor. 7:2-3; 1 Tes. 2:8; Fil. 2:19-20.
4. Bumaba si Pablo sa antas ng mga mahihina upang sila ay matamo niya—2 Cor. 11:28-29; 1 Cor. 9:22; cf. Mat. 12:20.
5. Bilang isang umiibig sa ekklesia sa loob ng kaisahan sa Kristong umiibig sa ekklesia, laan si Pablo na gumugol kung anuman mayroon siya, tumutukoy sa kanyang mga pagmamay-ari, at gumugol kung anuman siya, tumutukoy sa kanyang katauhan, para sa kapakanan ng mga banal upang maitayo ang Katawan ni Kristo—Efe. 5:25; 2 Cor. 12:15; 11:28-29.

IV. **Yaong mga nagpapastol sa kawan ng Diyos ay dapat magpastol ayon sa Diyos—1 Ped. 5:2:**

A. Ang magpastol ayon sa Diyos ay ang magpastol ayon sa kung ano ang Diyos sa Kanyang mga katangian—Roma 9:15-16; 11:22, 33: Efe. 2:7; 1 Cor. 1:9; 2 Cor. 1:12.

B. Ang magpastol ayon sa Diyos ay ang magpastol ayon sa kalikasan, kanaisan, paraan, at kaluwalhatian ng Diyos, hindi ayon sa ating kagustuhan, interes, layunin, at disposisyon.

C. Upang magpastol ayon sa Diyos, kailangan nating maging Diyos sa buhay, kalikasan, kahayagan, at pangsyon—Juan 1:12-13; 3:15; 2 Ped. 1:4:

1. Kailangan nating maging ang kopya ni Kristo, ang kahayagan ng Diyos, nang sa gayon sa ating pagpapastol ay maihayag natin ang Diyos, hindi ang ating sarili kalakip ang disposisyon at mga pekularidad nito—Juan 1:18; Heb. 1:3; 2;10; Roma 8:29; Gal. 4:19.
2. Kailangan nating maging Diyos sa Kanyang pangsyon ng pagpapastol ng kawan ng Diyos ayon sa kung ano Siya at ayon sa Kanyang gol sa Kanyang ekonomiya—Efe. 4:16; Apoc. 21:2.
3. Kapag tayo ay kaisa ng Diyos, tayo ay magiging Diyos sa buhay at kalikasan at magiging Diyos sa ating pagpapastol sa iba—1 Juan 5:11-12; 2 Ped. 1:4; 1 Ped. 5:2.

**V. Ang pagpapastol na nagtatayo sa Katawan ni Kristo ay isang myutwal na pagpapastol—1 Cor. 12:23-26:**

A. Ang magpastol ay ang kunin ang nagpapaloob ng lahat, magiliw na pangangalaga sa kawan—Juan 21;15-17; Gawa 20:28.

B. Lahat ng mananampalataya, anuman ang kanilang antas ng espiritwal na paglago, ay kailangan ng pagpapastol.

C. Lahat tayo ay dapat mapailalim ng organikong pagpapastol ni Kristo at maging kaisa Niya upang pastulin ang iba—1 Ped. 2:25; Juan 21:16.

D. Kailangan nating pastulin ang kawan ng Diyos ayon sa mapagmahal at mapagpatawad na puso ng Ama at ayon sa naghahanap, nagsasaliksik, at nagpapastol na espiritu ng Anak—Luc. 15:4-24, 32.

E. Tayo ay kapwa mga tupa at mga pastol, nagpapastol at pinapastol sa myutuwalidad; sa pamamagitan ng ganitong myutuwal na pagpapastol, ang Katawan ay maitatayo sa loob ng pag-ibig—Efe. 4:16.

*© 2020 Living Stream Ministry*